



MADALAS NA KATANUNGAN

Kada sampung taon, ang mga lokal na gobyerno ay gumagamit ng bagong datos ng sensus para mabago ang mga distrito para ipakita ang pagbabago sa populasyon. Ang Assembly Bill 849 (2019) ay nagtatadhana sa mga lungsod at “counties” na umugnay sa mga komunidad sa pagbabago ng distrito sa pamamagitan ng mga publikong pagdinig at/o talakayan at tuwirang pagpunta sa komunidad, kasama na ang mga komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles.

Ano ang pagdidistrito?

Kada sampung taon, kailangang baguhin ang mga distrito sa paraang pare-pareho ang populasyon. Ang prosesong itong tinatawag na “redistricting” ay mahalaga para masigurong ang miyembro ng Konseho ng Lungsod ay kumakatawan sa parehong dami ng taong inirerepresenta. Sa Lungsod ng Carson, ang Alkalde at Konseho ng Lungsod ay responsable sa paggawa ng bagong distrito ng konseho. Ang “redistricting” ay ginagawa gamit ang datos ng US Sensus na ipinahayag noong Agosto 2021. Para sa Lungsod ng Carson, ang proseso ng “redistricting” ay dapat matapos sa Abril 17, 2022.

Bakit mahalaga sa akin ang “redistricting”?

Ang “redistricting” ang magsasabi kung anong kabipitbahayan at komunidad ang magkakasamang bubuo ng isang distrito para paghahalal ng Konsehal ng Lungsod.

Ang Alkalde at ang Kosenho ng Lungsod ay hihingi ng suhestiyon sa pagbubuo ng susunod na mapa ng mga distrito para sa Konseho ng Lungsod. Meron kang pagkakataong ibahagi sa Alkalde at Konseho ng Lungsod ang palagay mong hangganan ng bawat distritong tamang kumakatawan sa komunidad. Maaari mong makontak si John Raymond, Katulong na Manedyer ng Lungsod sa 310-952-1773 o sa jraymond@carsonca.gov para malaman ang buong proseso.

Ano bang itsura ng kasalukuyang mga distrito?

Kalakip nito ang kasalukuyang Mapa ng Distrito ng Lungsod.

Anong mga batayan ang gagamitin ng Alkalde at Konseho ng Lungsod sa pagbuo ng bagong hangganan ng mga distrito?

Hanggang maaari, ang mga hangganan ng distrito ay gagawin alinsunod sa mga sumusunod na panuntunan: (a) magkakadikit na lugal; (2) ang integridad ng lokal na kapitbahayan at komunidad ay igagalang sa paraang maglilimita sa paghahati; (3) mapagkikilanlang hangganan na sumusunod sa natural o artipisyal na hangganan (ilog, kalye, “highway,” riles ng tren, atbp); (4) ang hangganan ay gagawin sa paraang napapanatili ang magkakadikit. Isa pa, ang mga hangganan ay hindi gagawin para paboran o balewalain ang anumang partido politikal.

Paano ipababatid sa publiko ng Alkalde at Konseho ng Lungsod ang “redistricting?”

Ang Alkalde at ang Konseho ng Lungsod ay ipaaalam sa lokal na media ang paglalathala ng proseso ng “redistricting.” Isa pa, gagawa ng mabuting paraan para iparating sa lahat ng klase ng grupo sa komunidad ang proseso ng “redistricting.” Ang ating mga “workshops” at mga suhestiyon sa pampublikong pagdinig ay ihahayag sa mga tamang lenguahe (tulad ng Espanyol at Tagalog) kung ioakikiusap ng mga residente nang maaga. Ang Alkalde at Konseho ng Lungsod ay ipababatid sa publiko ang mga pagpupulong at suhestion sa pampublikong pagdinig, magpapaskil “online” bago magaproba, at gagawa ng pahina sa Website tungkol sa lahat ng mahahalagang impormasyon tungkol sa proseso ng “redistricting.”

Paano ako makikilahok?

Ang Alkalde at Konseho ng Lungsod ay magdaraos ng pampublikong pagdinig at pagppupulong sa pagtanggap ng suhestiyon kung saan dapat ilagay ang mga hangganan ng distrito.

Pampublikong Pagdinig sa Pansamantalang Mapa	Nobyembre 16, 2021 - 7 ng gabi Miting ng Konseho ng Lungsod
Pampublikong Workshops	Enero 10, 2022 – 6 ng gabi Hemingway Park Enero 11, 2022 – 6 Dolphin Park
Presentason at Adoption ng Draft ng Boundary Map para sa Konseho ng Lungsod	
Pagdinig Bago Maging “Final” ang Mapa	Enero 18, 2022 – 7 ng gabi Miting ng Konseho ng Lungsod
Pampublikong Workshops	Enero 19, 2022 6 ng gabi Veterans Park Enero 25, 2022 – 6 ng gabi Stevenson Park
Pagdinig Bago maging “Final” Ang Mapa	Pebrero 1, 2022 – 7 ng gabi Miting ng Konseho ng Lungsod
Pampublikong Workshops	Pebrero 8, 2022 – 6 ng gabi Calas Park Pebrero 9, 2022 – 6 ng gabi Foisia Park Pebrero 16, 2022 – 6 ng gabi Anderson Park Pebrero 22, 2022 – 6 ng gabi Carson Park
Pagdinig/Paglalahad ng Ordinansa ng Hangganan ng mga Distrito	Marso 1, 2022 – 7 ng gabi Miting ng Konseho ng Lungsod
Pagaproba ng “Final” Map	Marso 15, 2022 – 7 ng gabi Miting ng Konseho ng Lungsod

Saan ko malalaman ang iba pa?

Ang Lungsod ay maglalagay ng webpage sa: <https://carsonca.gov/redistricting/>

Maaari ka ring magsumite ng komentaryo, kasama na ang mungkahing mapa sa pamamagitan ng email sa CityClerk@carsonca.gov

